Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Makati) S.S.

SINUMPAANG SALAYSAY

Ako, MARY JANE ESTRELLER, Filipino, nasa wastong taong gulang, nakatira sa 1661 Estrada St., San Andres Bukid, Maynila, matapos na makapanumpa ng naaayon sa batas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako po ay kapatid ni Jerry Estreller, Jr. na pinatay kasama ni Randy "Aga" Concordia ng mga hindi kilalang armadong kalalakihan sa kanilang tirahan sa 1661 Estrada Street, San Andres Bukid, Manila noong Disyembre 15, 2016.

2. Matapos po ang malagim na insidenteng ito, sa takot na bumalik sa aming lugar ang masasamang loob na pumatay kina Jerry at Aga, nagpasya kaming magkakamag-anak at magkakapitbahay na lisanin panandali ang aming bahay tuwing sasapit ang gabi at magpalipas ng magdamag sa loob ng malapit na palengke.

3. Kasama kong natulog sa palengke sina Jerry Estreller, Sr.; Naithan Estreller; Nigel Estreller; Mark Anthony Estreller; Michelle Estreller; Michaela Anne Estreller; Marlyn Jeykka Estreller; Mayumi Mae Estreller; Juliet Pablo; Zenaida Pablo; AJ Arevalo; Danica Gonzales; Wilfredo Pablo; Roberto Pablo; Onofre Guttierrez, Jr.; Edvic Paul Garcia; Riena Senador; Quinn Ashantie Senador; at Paul Cyrus Garcia.

4. Pinapadlock namin ang aming mga bahay bandang alas otso ng gabi at pumupunta kaming magpapamilya at magkakapitbahay sa palengke para magpalipas ng gabi. Bandang alas kuwatro ng madaling araw, bumabalik kami sa aming mga bahay para gumayak papuntang trabaho at para ihanda ang mga batang papasok sa eskwela.

5. Sa loob ng dalawang buwan, natulog kami sa ibabaw ng mga mesa sa palengke. Kung umuulan, nakikitulog kami sa loob ng mga pampasaherong jeepney na nakaparada sa labas.

6. Sa mga panahong iyon, ito lamang ang naisip naming paraan upang masigurado ang aming kaligtasan, pati ang kaligtasan ng aming mga anak at iba pang mahal sa buhay.

7. Nangangamba po ako dahil sa mga panahong ito, pinupunta-puntahan ng mga pulis ang aking anak dito sa bahay. Binabantayan daw siya dahil siya raw ay gumagamit ng droga. Natatakot ako na mapatay ang aking anak tulad ng nangyari kina Jerry Estreller, Jr. at Randy "Aga" Concordia.

8. Ako ay kasama sa naghain ng petitisyong ito at ang sinumpaang salaysay na ito ay aking ginawa para patunayan ang mga pangyayari na nabanggit dito.

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong OCT 1 1 2017 sa MAKATI CITY.

Estreller
MARY JANE ESTRELLER
Lagda
VIN# 3914-2913113-51783 MOE20000

SINUMPAAN AT PINATOTOHANAN sa harap ko ngayon ika OCT 1 1 2017 ng ______. Pinatunayan ko na ang nagsasalaysay ay aking nasiyasat at ako ay may sapat na paniniwala na siya ay kusa at malayang nagsalaysay.

JESSICA ANNE G. CO
Notary Public for Makati City
Until December 31, 2018
Appointment No. M-455
Roll No. 65444
IBP No. 014819 / Lifetime
PTR No. 5919754/ Jan. 11, 2017 – Makati
1904 Antel Corporate Centre, 121 Valero St
Salcedo Village, Makati City

Doc. No. 90;
Page No. 18;
Book No. 1;
Series of 2017.